

# 1

Hinubad ni Ada ang sapatos at palda para hindi mabasa ng rumaragasang tubig. Suot ang shorts, nakapaang tinawid niya ang malaking ilog kasabay ng apat na bata na nag-aaral sa elementarya sa kabilang barangay.

Kapag bumagyo o umulan, walang makadaraan doon kaya nga walang tao na mula sa Baryo Ugarong na nakatapos ng pag-aaral dahil ang ilog na ito ang tila pader na humaharang sa kanila para sana sa magandang edukasyon at magandang buhay. Noong nag-eelementarya siya, mga anim silang bata na sama-samang tumatawid sa ilog, pero nang tumuntong ng high school ay wala nang nagpursige.

Gusto niya sanang mag-aral, kaso ayon sa madrasta, magsasayang lang siya ng oras at pera kaya nagpaalila na lang siya rito at sa mga anak nito.

Nagtanim si Ada ng palay at gulay, nag-alaga ng baboy, nang-akyat ng lambanog para lang may maiabot sa madrasta hanggang sa pumasok siya minsan sa simbahan sa bayan isang Pasko at nakita niya ang inhinyerong anak ng principal ng high school. Kinilig siya at nag-enroll ng high school sa

edad na diez y siete at kahit inaraw-araw siyang sinalitaan ng masama ng madrasta ay nagpursige siya para lang masilayan palagi si Ruel.

Niligaw-ligawan naman siya ng lalaki, pero tutol ang pamilya nito sa kanya dahil hindi raw sila magka-level. Professional daw si Ruel habang siya ay isang mal-edukadong dalagang baryo. Inalila rin siya principal at ng mga kaibigan nitong guro, pero nagpursige siya sa pag-asa na kung makatapos siya ng pag-aaral ay matatanggap din siya ng lahat.

Ang masakit, third year siya nang dumating sa paaralan ang maganda at kapita-pitagang si Miss Kim Liwayway at sa tuwa ng lahat ay nagkagustuhan ito at si Ruel.

Dahil sa hiya at sama ng loob ay tumigil siya sa pag-aaral. Pero minsan habang nagpapakain si Ada ng baboy ay napatamong siya sa sarili kung hanggang doon lang ba talaga ang kanyang buhay. Nag-enroll siya ulit at kahit tumaas pa ang tubig sa ilog ay binabalsa niya para lang makapasok at walang rason si Mrs. Solas na i-expel siya sa eskwelahan. Iyon lang kasi ang nag-iisang high school ng bayan.

Ngayon ay graduating na si Ada at sana ay makapagkolehiyo rin siya sa susunod na pasukan.

Usok ang pumapaimbabaw sa dampa ng mga Inocencio. Sa tuwing hapon kasi ay nagsusunog ng mga dahong ligaw si Consorcia. Nakayakap sa mga sanga ng kahoy ang kanilang dampa kaya naghuhulugan lang ang mga dahon.

May mga alaga silang mga native na baboy at kalabaw, na siyang nasa ibaba kaya mataas ang bahay nila.

“Hoy, impakta! Dalian mo at magbayo ka na ng palay para may kainin tayo mamaya!” sigaw ni Consor sa paparating na si Ada.

Araw-araw na lang siyang binibigyan ng high blood ng mga batang ito. Kanina sinigawan niya rin sina Odelia at Constancia pero hindi niya napakilos ang dalawa. Hintayin na lang daw si Ada na ewan kung saan-saan pa nagpunta kaya na-late na naman ng uwi.

Mabuti na lang at agad ding sumunod ang huli sa kanya, kung hindi ay baka wala silang kainin mamaya.

Nang papababa na ang apoy ay sinigawan niya si Constancia na nasa terasang kawayan. “Hoy, baka mamaya pag-akyat ko diyan, nasa lababo pa rin ang

pinggan na kinainan mo ha!” Itong anak niyang ito ay walang ginawa kundi kumain nang kumain kaya lalong dumadabyana. Magandang pagsamahin sina Ada at Constancia, pareho kasing lampa.

“High blood ka na naman, Consor?” tanong ng boses mula sa likuran niya.

Nalingunan niya ang kaibigan niyang si Leonor na nakatayo sa kawayang bakod. Kilala itong pokpok ng Baryo Talisay at kakompetensya niya dati sa trabaho noong nagsa-sideline siya roon kapag nangangailangan ng pera. Tumigil na siya noong nagkakaedad na at wala nang gustong pumatol sa kanya. Saka nagdadalaga na rin naman ang kanyang mga anak. Ayaw niyang gayahin siya ng mga ito. At isa pa, pinagbantaan kasi siya ni Kapitan Rigo na huwag bugawin ang mga bata, lalo na ang inaanak nitong si Ada, kung ayaw niyang patayin siya ng kapitan. Natatakot siya sa barangay official kaya tumigil na siya sa dating gawi sa takot na maling tsismis pa ang umabot sa lalaki at laslasin na lang ang tagiliran niya bigla. Nagtanim na lang siya ng palay.

“Bakit ka napaligaw dito? Wala akong mapapautang sa 'yo!” Pinangunahan na niya si Leonor dahil mahilig umutang ang kaibigan.

“Narinig mo na bang may mga darating daw

ditong mga archeologists galing Maynila? Naalala mo ang mga nahukay na mga kalansay noong isang taon? Iyon daw ang rason kung bakit sila pupunta rito. Maghuhukay daw!”

Na-excite si Consor sa narinig. Taga-Manila? Baka makahanap ng mayamang mapapangasawa si Odelia sa mga parating na bisita at maiahon niyon ang paborito niyang anak mula sa lugar na ito.

“Oo. Sa susunod na linggo ay nandito na sila. Patambay dito, ha!”

Gumanda naman ang mood niya sa narinig. Agad siyang umakyat sa matarik nilang hagdan para maikuwento kay Odelia ang balita.

“Totoo, Inay?” tanong nito habang nagtatabako. Ilang beses na niya itong sinabihan na itigil ang paninigarilyo dahil nakakasira iyon ng kutis.

“Oo!” Dinampot ni Consor ang suklay mula sa upuan at pinasadahan niyon ang mahabang buhok ng anak.

Pasalamat nga siya na maputi at balingkinitan itong si Odelia, kamukha niya noong kanyang kabataan. Dati ay may nanligaw sa kanyang pulis, dapat pala iyon ang pinatulan niya. Na-in love kasi siya nang sobra kay Kanor kaya natapon siya sa

napakahirap na baryong ito.

“Ikaw, tulungan mo doon si Ada!” singhal niya kay Constancia na nakikinig pala sa kanila. Wala na talagang mas tatamad pa rito.

Bumaba ang babae kaya medyo lumuwag sa teresa. Mayamaya ay nakita niyang inaakyat na ng dalawa ang ulam at kanin sa hagdan para mailagay sa hapag-kainan.

Sabay-sabay silang kumain sa mesang bigay sa kanya ng isang manliligaw. Galing daw iyon sa isang napakalaking kahoy ng ipil na hinati-hati. Bayad daw iyon sa serbisyo niya.

Pagkatapos kumain ay derecho sila sa tulugan, maliban na lang kay Ada na magpipinta pa ng kung anu-ano. Sinabihan na niyang hindi nito maibebenta ang mga iyon dahil wala namang mayayaman sa bayan ng Estanislao na magkakainteres sa ginagawa nito. Aksaya lang sa oras at sa gaas.

Isa pa, ang pangit naman ng mga gawa nito. May pahalang at parolyo. Pangit talaga! Hindi nila maintindihan kung ano ang pinipinta ni Adalina. Parang kagubatan na parang isda o dahon.

---

“I hope everything will be fine in the Philippines,” sabi ni Sir Ador Mitchell kay Damian habang nag-aabot ng sobre na may lamang tseke na siyang magiging allowance niya sa Pilipinas.

Nasa palasyo sila nito sa Oxfordshire, malapit lang sa *Oxford University* kung saan siya nasa kalagitnaan na kinukuha niyang master's degree para sa kursong Archeology.

May natanggap kasi ang professor niyang si Prof. Darlington nitong nagdaang taon na mga kalansay mula sa isang probinsya sa Pilipinas, at sa tingin nila ay isa itong *hominid floresiensis*, isang sinaunang tao na may tangkad na parang sa hobbit. Kilala ang hominin na ito na makikita sa Flores, Indonesia, pero kung tama nga ang hula nila, ibig sabihin, may mga hobbit din na dating nanirahan sa Pilipinas bago dumating ang mga *Neanderthal* man. Iyon nga ang ginagawan niya ng research study at hinanapan siya ni Prof. Darlington ng magiging financier para sa kanyang expedition. At heto nga si Sir Ador Mitchell, isang British billionaire, world-renowed philanthropist at patron of culture and arts ang nagmagandang-loob.

“Thank you, sir,” nasabi ni Damian bago nagpaalam dahil hahabulin niya pa ang flight niya mamayang gabi. Dadaan pa nga siya sa university.

Excited siya sa kanyang reaserch dahil magiging maganda itong dagdag sa kanyang resumé kapag nakatapos siya sa kanyang masteral. Puwede siyang mag-apply sa malalaking archeological expeditions o maging Archeology professor.

Pagkarating sa *Oxford University* ay dumiretso siya sa faculty room para makapagpalaam sa kanyang mentor na si Prof. Darlington. May inabot sa kanyang regalo ang papa-retire na professor at napatawa siya nang makita ang isang malaking mosquito repellent lotion.

“It will come handy in the jungle,” sabi ng guro.

Niyakap ni Damian ang professor at nagpaalam. Kukunin niya muna ang gamit niya sa dormitoryo bago dederecho sa airport. Kinakaladkad niya palabas ng elevator ang kanyang malaking luggage bag nang naabutan siya ni Silvia, ang Spanish exchange student na ka-date niya palagi.

“I hope you’ll be back soon!” sabi ng babae sabay bigay ng yakap.

“I will!” Niyakap niya ito at hinalikan sa dalawang pisngi. Pagkatapos, tinulak ng binata ang bagahe papunta sa naghihintay na taxi.

“Call me often!” sigaw ng dalaga nang papasok



siya ng cab.

“I will!” balik-sigaw niya.

Alas ocho ng gabi ang flight niya. Nang sumunod na araw ay nasa Manila na si Damian nang ala una ng hapon at sinasalubong ng mga kapamilya niya sa Pilipinas.

Ang kanyang mga magulang at kapatid kasi ay nasa UK dahil ambassador doon ang kanyang ama para sa Pilipinas. Ang sumundo sa kanya ay ang lolong congressman at ilang tiyahin.

Dumerecho sila sa bahay ng abuelo sa *Corinthians*. Ang abuelo na nga ang naghanap ng dalawang taong makakasama niya sa hukayan. Ang ibang trabahador ay doon na lang niya kukunin sa probinsya.

September 13 dumating ang three-man team nila sa munisipyo ng Estanislao sa Kabisayaan. Hindi nga nila inasahan na isang dalaga pala—at bata pa—ang mayor ng bayan.

Nilibot sila nito sa buong bayan na pinapagitnaan ng dagat at bundok. Nag-swimming muna sila sa parte ng dagat—kung saan may lumubog na barkong Espanyol—bago nagpasyang dumerecho sa Baryo Ugarong.

Mataas daw ngayon ang tubig na humahati sa baryo at sa bayan kaya mag-i-speed boat sila. Bitbit ang kanilang mga gamit panghukay, lumulan sila sa speed boat. Umulan pa kaya sumilong sila sa may takip na bahagi. Paparating sila sa baryo nang may nakasalihan silang balsa sa ilog na tinutulak ng isang nakakapote.

“Here we are, people!” sabi ni Mayor Kristine habang tinuturo ang pampang kung saan may isang kubo na may signage na Barangay Hall. Nandoon ang kapitan at mga tanod, naghihintay sa kanila. Tinulungan sila ng mga ito na ibaba ang kanilang mga gamit sa pampang.

Inilibot nga ni Damian ang mga mata para i-familiarize ang sarili sa lugar. Gubat ang Baryo Ugarong at halos lahat ng pamamahay ay gawa sa kawayan at nipa. Marami na ngang tao ang lumapit para makiusyuso sa kanilang pagdating. Ang iba ay hila pa ang mga alagang kalabaw. Siguro galing sa kanilang sinasakang bukid.

Pinakilala siya ni Mayor Kristine kay Kapitan Rigo. Malaking tao ang huli at pangbakulaw ang balbas sa mukha at ang balahibo sa mga braso. Matapang pa ang personalidad nito, pero palakaibigan naman. Giniya sila nito sa kubo na pinasuyo nilang ipatayo

sa alkalde.

---

Nagkagulo ang mga tao sa barangay hall. Sakto namang gumala si Odelia kaya nakigulo na rin siya nang makitang nagmamadali ang lahat papunta roon. Pagkatapos makita ang mga bisita ay mabilis siyang umuwi para tawagin ang ina. “Inay, nandito na sila!”

Nagising si Consor mula sa siesta nito sa terasa. Pati si Constancia ay napabangon din mula sa kuwarto nilang tatlo para makinig.

“May guwapo doon, sobrang guwapo talaga! Ang tangkad, tapos, mukhang mayaman!”

“Naku, anak, baka ’yun na ang tinadhana sa ’yo!” Nagbihis si Consor para pumunta sa barangay at tingnan ang mga bagong dating. Sumamang bumaba ng hagdan si Constancia.

Nadaan ng mga ito si Ada na nagdidilig ng mga tanim nitong gulay sa gilid ng bahay, at walang pakialam sa mga bagong dating.

Dumerecho ang mag-iina sa barangay hall pero wala na roon ang mga bisita. Nagpunta na raw sa kubo na pinagawa ng alkalde para sa mga ito. Narinig nga nila na may pinapagawang kubo malapit sa

kuweba, pero hindi agad nila nalaman na para pala iyon sa mga bisita.

Nagtungo sila roon para manilip. At nalaman nilang hindi lang sila ang interesado dahil maraming kadalagahan at mga binabae ang nagtatago sa mga punongkahoy para pasimpleng makatingin sa nangyayari sa kubo. Sa labas niyon ay may mesa at nag-iinuman doon si Kapitan Rigo, ang mga bisitang archeologists, ang alkalde at mga tauhan nito. Mayamaya ay dumating ang isang lechon de leche.

“Iyon, oh!” turo ni Odelia sa mestisuhing lalaki na kausap ng alkalde.

“Tingnan mo si Mayora, kilig na kilig,” nasabi ni Consor. Hindi nga niya binoto ang politiko dahil inalila siya noon ng mommy ni Mayor Kristine. Dati rin kasing kabit si Consor ng ex-mayor na ama ng kasalukuyang alkalde. Tinutukan pa nga siya ng baril ni Mrs. Dimatunga minsan. “May naisip akong paraan para mapansin ka niya, anak. Ginawa ko ’to noon at tumalab.”

Napangiti naman nang matalim si Odelia. Desidido siya na masilo ang guwapong archeologist. Tiyansa na niya ito para makaalis ng Baryo Ugarong.

Minsan parang maloloka siya sa kawalan ng

pag-asa sa lugar na ito. Nakapunta na nga rin siya ng Maynila, pero wala kasi siyang nakitang trabaho roon kaya nagutom din lang siya at napatulog sa kalye. Mabuti nga at may nahablot siyang bag kaya nagkaroon siya ng pera pauwi.

Natuto siya sa pinagdaanan. Hindi siya aalis ng Baryo Ugarong kung walang siguradong pupuntahan.

---

Hiniwa ni Ada ang talong sa tabi ng dapog na nakapuwesto sa ilalim ng kanilang dampa.

Galing ang talong sa kanyang gulayan. Walong taon pa lang siya ay nagtatanim na siya ng mga talong, kalabasa, repolyo, okra, kamatis at upo para may maiambag siya sa pagkain. Nag-aalaga nga rin siya ng itik para may itlog sila araw-araw.

Bumukas ang pintuan ng dapog at pumasok si Constancia. Tumatalun-talon ito sa kilig. “Ada, ang guwapo ng archeologist!”

Napangiti naman sa tuwa si Ada. Sa mag-iina kasi, si Constancia lang ang nakakasundo niya. Pareho silang inaalila nina Odelia at Consor kaya kampi sila sa isa’t isa.

“Nakita ko sila kanina nang patawid ako ng ilog

sakay ng balsa. Marami kasi sila sa speed boat kaya hindi ko napansin na may guwapo pala doon.”

“Hay, Ada! Tulungan mo naman ako! Ano kaya ang gagawin ko para mapansin n'on?”

“Huwag kang kumain nang kumain. Alam mo kung payat ka lang, mas maganda ka kaysa sa ate mo.”

“Sige, pangako, hindi na ako kakain!”

Sakto ang hula ni Ada na hindi matatayuan ng stepsister ang pangako nito. Pagdating ng hapunan, si Constancia pa rin ang may pinakamaraming kinain. Nakita niya ito pagkatapos na bumaba ng hagdan at pumunta sa likuran at doon tumuwad-tuwad. Binaba naman niya para alamin kung ano ang ginagawa nito. Pilit nitong isinusuka ang kinain. Pinagalitan nga niya.

“Gusto ko rin kasing makaalis sa lugar na 'to, Ada. Baka eto na 'yung paraan!”

“Di ba, noon pa man niyaya na kitang samahan akong mag-aral para sabay tayong aalis dito? Tamad ka kasi. Hayaan mo na, tutulungan kita. Gawa tayo ng paraan para mapansin ka niya.”

Nagpasalamat sa kanya si Constancia.

Alas cinco pa lang ng umaga ay gising na si Damian. Malamig sa lugar nila kaya nagsuot siya ng swearshirt bago nag-jogging. Tinakbo niya ang mga daan na pumapagitna sa mga kabahayan at mga palayan. Tumakbo rin siya sa maliit na gulod kaya pagbaba niya sa ilog ay sikat na ang araw.

Isang tao pa lang ang nakita niyang gising, isang magsasaka na may sukbit na kawayang lagayan ng lambanog sa likod. Naka-pajama ito at T-shirt. Matangkad at balingkinitan ang katawan. Parang babae nga kung gumalaw pero hindi siya sigurado. Malaki kasi ang sombrero na nakatakip sa mukha. Nang nasa isang hilera na sila ay nilingon niya ang mukha ng magsasaka para matukoy ang kasarian nito, pero malapad talaga ang sombrero at siguro nahalata nitong napapatingin siya kaya iniyuko nito ang ulo. Pangit naman na tunitig siya sa tao kaya tumakbo na lang siya nang mabilis palayo.

Alas siete ay umpisa na sila sa pagkalkal ng lupa sa kuweba. Dahan-dahan nila itong ginawa para hindi nila masira ang mga fossils. Mas maigi kasing buo nila itong mahukay para mas madaling pag-aralan. Mga alas onse, tutok na tutok sila sa ginagawa nang dumating si Mayor Kristine dala ang kanilang

pananghalian.

“Salamat, Mayor! Naku, nag-abala talaga kayo. Mahirap pa namang puntahan ang lugar na 'to.”

“Walang anuman! May speed boat naman ang munisipyo.”

Sumabay rin sa kanilang kumain ang alkalde at napauwi nang bandang mga alas dos na.

“Mukhang may tama sa inyo si Mayora,” tukso ng isang tagahukay niya.

Tawa ang sagot ni Damian. Medyo malambing nga ang alkalde, pero pumunta kasi siya rito sa Baryo Ugarong para magtrabaho, hindi para manligaw. Ayaw pa naman niya ng drama.

Mga quarter to six sila tumigil sa paghuhukay. Pagod na rin ang lahat kaya pahinga na.

May nakita siyang batis sa malapit. Nanlalagkit siya sa putik at pawis kaya dumerecho siya doon para ibabad ang sarili. Hinubad niya ang shorts at T-shirt, pati na rin ang rubber shoes saka lumusong.

Madilim na ang lugar dahil bumaba na ang araw at natatakpan ng malalaking sanga ng kahoy ang batis mula sa langit.



Nag-e-enjoy si Damian sa pag-fo-float nang mapansin niyang may dumating na lumusong din sa tubig. Akala niya isa sa mga tagahukay pero paglingon niya ay nakita niya na isa pala iyong babae.

Tahimik lang itong lumanguy-langoy. Nilapitan naman niya para kausapin.

“Hi,” bati ni Damian.

“Hi,” mahiyain nitong sagot.

“Taga-dito ka rin lang ba?”

“Oo, dito rin lang. Diyan sa bahay na nakayakap sa sanga ng puno.” Madilim kasi kaya hindi niya maaninag ang itsura nito. Sa hulma ay mukhang maganda naman.

“Wala na bang ibang daan papunta dito mula sa bayan? Hindi ba kayo nahihirapan?”

“Meron. Dadaan ka sa bundok, pero sa kabilang probinsya na ang labas mo. Isang araw din na lakaran.”

Kinuwento ng babae na halos lahat ng tao sa baryo ay walang pinag-aralan dahil sa ilog na pumapagitna sa kanilang bayan. “Wala kasing pakialam ang mga politiko dito. Puro sariling bulsa lang ang inatupag.”

Hindi nag-react si Damian dahil kaibigan niya si Kristine at ang pamilya nito.

Nagkuwento rin ang babae tungkol sa mga pangarap nito, ang makalayo sa lugar at makakuha ng disentang trabaho. Napangiti naman siya sa dilim dahil sa napakasimple ng mga iyon.

Pagkatapos, nagpaalam na ang babae dahil baka mapagalitan raw ito ng ina kapag nanatili pa sa labas nang padilim na.

Tinanong niya ang pangalan nito nang papaahon na ito.

“Odelia.” Saka ito mabilis na tumalilis.

---

Ang bahay ng mga Dimatunga ang pinakamalaking bahay sa Estanislao. Lahat kasi ng kapatid ng namayapang dating mayor ay nagtrabaho sa abroad na tumulong dito sa pamumuhay. Sila ang may pinakamalaking hardware store at bigasan sa bayan, at nagpapautang din sila ng 5-6.

Sa balkonahe ay naroon si Mrs. Dimatunga, nakaupo at nagbabasa ng dyaryo. Nasa likuran ng babae ang katulong na naglalagay ng langis ng niyog sa anit nito. Nakita nito ang anak na si Kristine na

dumating. Tinawag nito ang dalaga.

“Ano na ang nangyari doon sa Baryo Ugarong? Sinabihan mo na ba ang archeologist doon na huwag pansinin ang mga pokpok d’un? Alam naman nating lahat ang kabuhayan ng mga babae doon. Tatawid ’yun ng mga ilog para magbenta ng sarili sa magkalapit na bayan.”

“Napaka-unprofessional namang magtsismis ng ganyan,” sagot ni Kristine.

“Bakit unprofessional? Eh ang ibang bansa nga, nagbibigay ng travel advisory. Dapat tayo rin! Tingnan mo si Mrs. Solas. Binalaan talaga si Ruel na lubayan ang ampon ni Consorcia dahil baka kung anong sakit lang ang dala n’un.”

Hindi niya pinansin ang mga sinabi ng ina. Wala na kasi itong paboritong pintasan kundi ang mga taga-Baryo Ugarong. Talo kasi sila tuwing eleksyon sa baryong iyon, at doon kasi nanggaling si Consor, ang dating kabit ng kanyang ama.

Dumerecho si Kristine sa kuwarto niya at nagbihis ng T-shirt at cycling shorts. Medyo malaki kasi ang kanyang puson at kailangan niyang magpapayat. Kumakabog-kabog kasi ang dibdib niya kapag nasa tabi si Damian.

## *Adalina's Fairy Tale - Sefah Mil*

---

Sa totoo lang, tinatamad siyang maging alkalde dahil sa dami ng stress at problema. Gusto niyang magkaroon ng pamilya at magpakalayo-layo. At ngayong naroon na ang dream man niya, gagawin ni Kristine ang lahat para mapasakanya ito.

Ano ang silbi ng pagiging pinuno ng bayan kung hindi niya magagamit ang lahat para maabot ang kanyang mga minimithi?

## 2

Kinabukasan, inasahan ni Damian na makita muli si Odelia sa batis pero hindi ito dumating. Nag-enjoy pa naman siya sa pag-uusap nila at gusto niya pa itong kilalanin. Nagtanung-tanong siya sa mga kinuhang trabahador sa barangay kung kilala ng mga ito si Odelia.

Nagkatinginan at nagngisihan ang mga trabahador. Walang sagot ang mga ito, sa halip ay itinuro si Kapitan Rigo na nakikitulong din sa paghuhukay.

“Sino? Si Odelia?” tanong ng kapitan. “Matalinong bata ’yon. Sayang nga lang dahil walang kuwentang ina kasi si Consorcia. Ang totoo, wala naman akong pakialam kung ano ang gawin nila. Ang akin lang, huwag nilang bugawin ang inaanak ko, dahil babaha talaga dito ng dugo. Pinapangako ko ’yan sa puntod ng kumpare ko. Kung may naging asawa lang ako ay baka kinuha ko na doon ang inaanak ko. Paano ko naman ’yon maaalagaan sa sitwasyon kong ’to?”

Hindi naiintindihan ni Damian ang mga pinagsasabi ng kapitan. Nakinig na lang siya sa huntahan ng mga ito.

“Kasi naman, Kap, kinakausap ko nga kayo ni Consor para hingin ang kamay ng inaanak n’yo, hindi n’yo naman kasi ako pinapansin,” sabi ni Digoy.

“Heh!” sabi ng kapitan. “Hayaan n’yo ’yon at nagpupursige ’yon. Ito ang sasabihin ko sa inyo: may mararating ang inaanak ko! Itaga n’yo ’yan sa bato!”

Ngayon niya lang natanto, inaanak pala ni Kapitan Rigo si Odelia. Nakaramdam naman siya ng pagmamalaki para sa babae dahil nagpupursige pala ito. Nagplano nga siyang bisitahin si Odelia sa bahay nito.

Pagkatapos ng trabaho nila ng mga alas cinco y media ay nagpalit si Damian ng damit at hinanap ang bahay na nakayakap sa punong-kahoy at hindi naman siya nahirapan dahil nag-iisa iyon. Mataas ang bahay dahil parang isang daang gulang na akasya ang niyakapan nito. Pumasok siya sa bakod na kawayan at nakisalisihan sa mga itik.

“Tao po! Tao po!” tawag niya.

Hindi nagtagal ay may may-edad na babaeng dumungaw. Pagkakita sa kanya ay napalaki ang mga mata nito sa tuwa. Mukhang kilala na siya dahil alam na ang pangalan niya.

“Damian! Pasok ka! Pasok!” Mabilis itong bumaba

para akayin siya paakyat. Nang nakaakyat ay tinawag nito si Odelia sa loob ng bahay.

Isang maputing babae ang lumabas ng pinto at ngumiti sa kanya. Mukha itong Thai dahil nga maputi na, medyo tsinita pa. Katamtaman ang tangkad tulad ng kanyang naalala at mahaba ang itim na itim na buhok.

“Hi,” bati niya sabay abot ng isang balot ng chocolate. Lalong lumapad ang ngiti ni Odelia. Umupo ito sa tabi niya at pinakilala ang ina at ang matabang kapatid na lumabas ng kuwarto para makisali rin sa kuwentuhan.

“Constancia, pumasok ka sa kuwarto,” utos ng ina ng dalawa.

Nakiupo rin si Consor sa sala na gawa sa kawayan at nakipagkuwentuhan sa kanila. Nalaman niyang galing palang Tondo ang pamilya pero nakapag-asawa rito ang ginang kaya nanatili sila rito sa Baryo Ugarong. Tatlong taon daw na nagsasama ang mag-asawa nang namatay si Mang Kanor.

At bumukas ang maliit na pinto at isang nakakapote ang pumasok. Siguro ito iyong nakikita nila na palaging tumatawid sa ilog. Maulan kasi nitong mga nakaraang araw.

“Ada, dalian mo at magsaing ka dahil dito kakain si Damian!” utos ni Consor sa bagong dating.

Hinubad naman ng huli ang kapote at napatitig siya dahil may itsura ito. Iyong masasabing maganda sa matangos na ilong, maliit na mukha at kutis na kayumangging kaligatan.

Napatingin din sa kanya ang babae pero agad ding napabawi ng tingin. Pumasok ito ng kuwarto at nagpalit ng damit. Pagkalabas ay suot nito ang T-shirt ng mga taga-akyat ng lambanog na minsan ay nakasama niya sa daan. Huminto ito sa pintuan at hinablot sa haligi ang isang itak bago bumaba ng bahay.

“Constancia!” tawag ni Consor sa isa pang anak. “Tulungan mo si Ada sa pagluluto!”

Napalabas din ang matabang dalaga mula sa kuwarto. Ngumiti muna ito sa kanya bago bumaba ng bahay.

Maraming ikinuwento ang mag-ina sa kanya— tungkol sa mga binugbog ni Kapitan Rigo, mga kabit ng kapitbahay at tungkol sa corruption ng pamilya Dimatunga. Siguro dahil nasa baryo ang mga ito, hindi alam ng mag-ina kung ano dapat at hindi dapat na ikuwento sa mga bisita. Medyo natu-turn off kasi



siya sa mga naririnig.

Mga six thirty nagpaalam na si Damian na aalis na pero pinilit siya ni Consor na doon na siya kumain. Nahiya naman siyang humindi kaya pumayag na siya. Mga alas siete ay inakyat na nina Constancia at Ada ang kanin at ulam na pritong itik at pinakbet. Ginanahan din siyang kumain dahil masarap ang mga iyon. Tamang-tama ang timpla.

“Hindi ba siya kakain?” tanong niya kay Odelia habang tinuturo ng mata si Ada na nasa isang maliit na silid na natatakpan ng kurtina na gawa sa kabibi. Kitang-kita mula sa mesa na may ipinipinta ang dalaga.

“Hayaan mo diyan. Wala kasing ginawa ’yan kundi magpinta nang magpinta.”

“Gusto mo ng tubig?” unang pag-imik ni Constancia sa lamesa. Nakatingin ito sa kanya habang hawak ang pitsel ng tubig.

Ngumiti siya. Sinalinan naman ni Constancia ng tubig ang baso niya. At dahil sa mukha niya ito nakatingin at hindi sa baso ay nasobrahan nito ang paglagay. Nang mapansin ang maling nagawa ay tumayo ito habang hawak ang baso na agad nahulog sa sahig at nabasag. Nabasa tuloy siya. Mabuti na

lang at tapos na siyang kumain.

“Constancia! Ang tanga-tanga mo talaga!”  
singhal ni Consor dito sabay batok sa anak.

Napaatras ang matabang dalaga.

Mayamaya ay nasa tabi na ng mesa si Ada, bitbit ang walis tingting at dust pan para sa basag na baso sa sahig.

Hindi talaga tinigilan ng hampas ni Consor ang anak. Naaawa siya kay Constancia kaya nagsabi siya sa ginang na walang anuman ang nangyari. Kaunti lang naman ang basa niya.

“Excuse po sandali,” sabi ni Ada sa kanya.  
“Wawalisin ko lang po dito at baka masugatan kayo.”

Umatras si Damian para mawalis ng dalaga ang mga bubog.

Hindi na rin siya nagtagal pa. Nagpasalamat siya nang paulit-ulit sa hapunan bago nagpaalam dahil maaga pa siya gigising bukas.

---

Mga alas cuatro gumigising si Ada. Umaakyat siya sa puno ng niyog para kumuha ng lambanog. Mga alas seis y media ay nakabihis na siya bitbit

ang isang garapon ng lambanog na idadaan niya sa palengke. Kung tutuusin, malapit lang naman ang bayan sa baryo nila. Kung mababa ang ilog ay mga kalahating oras na lakaran lamang.

Pagdating niya sa high school na pinapasukan ay kinumpulan siya ng mga babaeng classmates.

“Ate, may guwapo raw na archeologist doon sa inyo!” sabi ni Jeilyn. “Nakita kasi namin siya sa munisipyo noong isang araw. Sa inyo pala napaderecho! Grabe! Ang guwapo!”

Napangiti naman si Ada nang malapad. Mukhang siya lang yata ang hindi parang kinikiliti sa kilig.

Guwapo nga ang archeologist na si Damian, kaso aanhin nila ang guwapo kung hindi naman mapapasakanila ang binata? Hindi iyon papatol sa kanya kaya huwag na siyang umasa.

“Oo, nandoon sila sa baryo namin.”

“Ate, patambay sa inyo, oh!”

Napatawa siya. “Patay kayo sa madrasta ko kapag magkataon. Si Leonor, kilala n’yo? Pinauwi ni Nanay dahil bawal daw tumambay sa amin.”

Namilit ang kanyang mga kaklase. Tawa lang ang sagot ni Ada. Sa totoo lang, ang mga kaklase niya

palagi ang nagpapakita ng kabutihang-loob sa kanya; ang mga guro, hindi. Sipsip kasi ang mga ito kay Mrs. Solas. Malas niya, dahil sa pinakakontrabidang guro pa siya natapon ngayong high school.

Pagkadating ni Mrs. Bagaid sa classroom ay pina-distribute nito ang kanilang mga test papers at na-special mention uli siya.

“Adalina Inocencio, dapat doon ka sa special class... doon kay Mr. Sanchez,” panimula ng guro. Ang sinasabi nito ay ang guro para sa may mga mental disabilities. “Spelling lang ng tangent ay hindi pa marunong. Dapat hindi ka pa-graduate-in. Kapag napunta ka sa ibang lugar, tapos tanungin ka kung saan ka nag-graduate, nakakahiya para sa amin kapag sinabi mong sa *Estanislao High School* ka nanggaling.”

Hindi na siya sumagot. Apat na taon ba naman siyang pinaringgan, nasanay na siya. Sabi nga ni Mr. Sanchez minsan noong nag-usap sila, hindi naman daw siya bobo, may dyslexia lang kaya nahihirapang mag-spell.

Ewan nga ni Ada. Sa tuwing mag-i-spell siya, parang tama naman, pero kapag ang guro na ang nagche-check, mali raw.

Pagdating ng pananghalian ay sa bahay ni Mang

Dirong siya nakikikain. Kumpare ito ng kanyang tatay kaya tinutulungan siya. Mahirap na kasing umuwi pa siya kapag tanghalian.

Alas cuatro y media ang tapos ng kanilang klase. Siyempre maglilinis pa ng silid, bisita pa sa library para gumawa ng mga assignments kaya palaging alas cinco na siya nakakaalis ng eskwelahan.

Sa gilid lang rin ng paaralan nila ang munisipyo kaya minsan ay nakakasalubong niya si Ruel. At tulad dati, tinitingnan siya nito sa malayo. Deadma siya. Kung mahal siya nito, dapat panindigan siya noon.

Lumabas mula sa munisipyo ang archeologist na si Damian at si Mayor Kristine. Mabilis naman siyang naglakad palayo. Nahihiya kasi siya sa archeologist.

Dumerecho na siya ng uwi. Parating na siya sa ilog nang makita niyang may paparating na motor. Sakay niyon ang archeologist at isa sa mga trabahador nito. Mabilis siyang tumakbo para itago ang sarili sa mga punongkahoy. Ayaw niyang makisabay sa mga ito sa balsa. Nang nakalipat na ang mga ito sa kabila ng ilog ay saka lang siya tumawid.

Pagdating sa bahay ay excited ang mag-ina sa pagbisita mamaya ni Damian. Siya naman ay nagsaing at nagpakain ng mga itik at baboy. Mabuti

na lang at native ang mga baboy niyang pagala-gala, kahit anong dahon na itapon niya ay kinakain. Hindi rin kailangang palaging paliguan kaya hindi makain sa oras. Nabubuhay kahit hindi masyadong alagaan.

Pagdating ng hapunan na hindi dumating ang archeologist ay kinawawa nina Odelia at Consor si Constancia. Ito raw kasi ang dahilan kung bakit hindi bumalik ang lalaki. Pero sa tingin ni Ada, ang bunganga ng madrasta ang dahilan kung bakit tinamad bumalik ang archeologist. Singhal kasi ito nang singhal habang may bisita. Napapahiya tuloy ang lalaki.

Ang malagim, sa buwisit ay sa terasa pinatulog ng dalawa si Constancia. Pinapasok na lang niya ito at pinatulog sa kuwarto niya. Habang papatulog siya ay naririnig niya itong napapaiyak sa unan.

Kinaumagahan ay walang pasok si Ada dahil Sabado. Nagdidilig siya ng kanyang gulayan nang lumapit sa kanya si Constancia.

“Ada, tulungan mo naman ako. Puntahan natin ’yong archeologist. Gusto ko siyang kausapin para makahingi ng pasensya. Siguro kapag nalaman niyang hindi ko sinasadya ’yong nahulog na baso ay baka bumisita uli ’yon dito sa atin.”

“Aksidente ’yon, hindi mo kasalanan. Wala kang dapat ihingi ng pasensya,” sabi niya para tumigil na ito. Pero parang sirang plakang kinulit-kulit siya ni Constancia kaya pumayag na lang siya na samahan ito para matigil na.

Naglakad sila papunta sa kuweba at naabutan doon ang mga baklang nakikigulo sa mga trabahador na nagmemerienda. Lumapit sila sa archeologist na nakaupo sa silya. Si Constancia na ang nagsalita. Sa likod lang siya dahil hindi naman niya ugali ang magbida.

“Damian, pasensya na talaga noong isang gabi, ha. Hindi ko sinasadya na paliguan ka.”

Napangiti ang archeologist sa sinabi ni Constancia. “No problem. Wala sa akin ’yon.”

“Nagtatanong kasi si Inay kung bakit hindi ka napabalik.”

“Sa ibang bahay naman kasi ako dumalaw. I am trying to make friends with everyone. Hayaan mo, makakabisita rin uli ako doon sa inyo.”

Hinila niya si Constancia para umuwi na sila dahil nakahingi na naman ito ng pasensya.

“Teka lang!” sabi ni Constancia sa kanya. “Bakit

ba kasi nagmamadali ka?”

Binigyan niya ng masamang tingin ang kapatid. Siguradong gusto pa nitong maglandi. Nakakahiya kaya.

Humarap uli ito kay Damian. Ang archeologist naman ay sa kanya nakatitig. Napayuko tuloy siya.

“Oo nga. Bakit ka naman nagmamadali, Ada?” tanong ng lalaki. Hindi niya akalain na alam nito ang pangalan niya. Oo nga pala, sinigaw-sigaw din iyon ng madrasta niya noong isang gabi.

“Marami pa kasi kaming gagawin,” sagot niya.

“Wala kaya!” sabi ni Constancia.

Isang matalim na tingin ang binigay niya kay Constancia. Ang archeologist naman natatawa sa kanila.

“Gusto n’yong magmerienda? May pansit pa dito,” sabi ng binata.

Hindi na nakapalag si Ada dahil umupo na agad si Constancia nang abutan ito ng styro na may pansit. Nahiya naman siya.

“You can have some,” sabi ni Damian. Inabutan siya nito ng styro.



Umiling siya. “Busog kasi ako.”

“Hindi tinatangihan ang grasya, Ada,” sabi ni Constancia na puno pa ang bibig.

Wala siyang binigay na reaksyon.

“Ilang taon ka na, Ada?” tanong ng lalaki.

“Twenty-one,” sagot niya.

“Ahh... akala ko sixteen o seventeen ka lang.”

“Mas gurang pa sa akin ’yan,” sabad ni Constancia. “Twenty lang ako.”

“Mas matanda pa pala sa ’yo si Ada, pero bakit siya nag-aaral, ikaw hindi?” tanong ni Damian sa katabi.

“May gusto kasi ’yan sa anak ng principal.”

“Wala, ah!” tanggi ni Ada sabay tadyak sa paa ni Constancia. Naiinis siya kapag napag-usapan ang tungkol sa kanila ni Ruel. Nakakahiya kasi.

Napahagikgik naman ang kapatid. Mabuti at hindi na muling nagtanong ang lalaki. Nagpaalam na rin ito dahil babalik na raw sa kuweba para magtrabaho muli. Umuwi naman na silang dalawa ni Constancia.

“Ada, nai-in love ako!” sabi nito habang parating sila sa kanilang bahay. “Sana bisitahin niya uli tayo.”

“Huwag kang umasa!” Bumalik siya sa kanyang gulayan.

At tulad ng kanyang inasahan, hindi nagbalik ang archeologist nang gabing iyon at maging sa sumunod pa. Lalong kinawawa si Constancia ng kapatid at ina nito. Pinalimitahan nga ni Consor ang kain nito sa isang tasa lang. Naawa naman si Ada.

Nang sumunod na gabi ay iniyakan siya ng kapatid. “Ada, gawan mo naman ako ng sulat. Gusto ko kasing sulatan si Damian para naman masabi ko ang mga saloobin ko.”

Nagbigay siya ng naiiskandalong tingin kay Constancia. “Mahiya ka naman.”

“Simula kasi nang makita ko siya, hindi na ako makatulog. Parang ninerbiyos ako na ewan. Pakiramdam ko mababaliw ako kapag hindi ko nasabi sa kanya ang nararamdaman ko.”

Napailing si Ada sa mga naririnig. Kaya palagi itong inaalila ng ina at kapatid ay dahil may pagkaloka-loka.

“Sige na!” pagmamakaawa nito.

“Titingnan ko,” sabi niya bago nagtalukbong ng kumot. Sabagay, buhay naman ni Constancia iyan. Kung gusto nitong gawing katawa-tawa ang sarili ay karapatan nito iyon.

Kinaumagahan, ginawan niya si Constancia ng love letter habang nagleleksyon sa gitna si Mrs. Bagaid. Inaantok kasi siya kaya kumuha siya ng papel at nagsulat.

Papatapos na siya nang may humablot ng papel sa desk niya. Si Mrs. Bagaid ay nasa gilid pala niya. Binasa ng guro ang nakasulat sa papel at binigyan siya ng masamang tingin pagkatapos.

Hindi siya nag-react, pero ninerbiyos siya. Kanino kaya nito ipapabasa ang sulat? Baka akala ng guro ay sa kanya iyon, gayong sinusulat niya iyon para kay Constancia. Hindi nga niya iyon nalagyan ng pangalan kung kanino ibibigay at kung kanino galing.

Hintayin niya lang dahil siguradong sasabog ang balitang iyon sa teacher's office.

---

Tahimik ang teacher's office dahil halos lahat ng guro ay nasa kanilang mga klase. Nag-iisa lang sa mesa si Miss Kim Liwayway at nagtsi-check ng exams na binigay kaninang umaga. Tutok na tutok siya sa

ginagawa nang lumapit sa kanya si Mrs. Bagaid at inabot ang isang papel.

“Nakuha ko ’yan kay Adalina,” kuwento ng guro. “Nagsasalita ako sa gitna, hamakin mo namang sumusulat lang pala siya ng love letter.”

Tinago naman ni Kim ang sulat sa kanyang lesson plan at nag-ayos ng gamit para makapunta na sa kanyang klase sa second year. Pero imbes na dumiretso sa klase ay dumaan siya sa CR at doon binasa ang sulat ni Adalina na punong-puno ng wrong spelling.

*The momnet I saw you, my hart a fluttered.  
Before, everytihng is dim and lonely, yet now,  
everytihng becomes light and sunny. I wanna  
dream of you tonight... censored dreams, yuo  
should know. (wink)*

Parang may sumabog na ugat sa ulo ng dalagang guro. Galit na galit talaga siya. Kahit naiinis siya o nagseselos, hindi siya nagpapakita ng masamang ugali kay Adalina. Ni minsan, hindi niya ito napagsalitaan ng masama sa klase dahil hindi talaga dapat.

Pero sa nabasa, pakiramdam niya ay natapakan siya. Pakiramdam ni Kim ay niyuyurakan siya nang patalikod.

Pumasok siya sa kanyang klase na masama ang loob kaya lahat ay sinigawan niya.

Pagkatapos ng klase ay dumerecho siya sa opisina ng principal at inabot ang sulat ni Adalina para sa anak nito. Mabuti naman dahil pagkatapos mabasa ni Mrs. Solas ang sulat ay halos umusok na ito sa galit.

“Wala talagang kadala-dala ang babaeng ’yan! Oras ng klase, nagsusulat ng love letter!” Pinatawag nito si Mrs. Bagaid para iharap si Adalina.

Nakita niyang papasok ang dalaga sa principal’s office. Walang expression sa mukha niya. Mamaya aawayin niya si Ruel. May komunikasyon pa pala ang dalawa. Ang sinabi nito ay wala na raw at hindi naman talaga nito naging nobya si Adalina.

---

Pagkabukas ni Adalina ng pinto ay naroon ang parang torong mukha ng prinsipal, nakaupo sa likod ng mesa nito. Hindi na niya mabilang kung ilang beses na siyang pinapunta doon. Maliit nga lang na pagkakamali ay doon na agad siya dinadala para sermonan siya ng punong-guro.

“Oras ng klase ay nagsusulat ka ng love letter? Pumasok ka ba dito para mag-aral o para maglandi?” Kung nakakamatay lang ang tingin ay baka labas na ang mga bituka niya sa galit sa mata ng principal.

Hindi alam ni Ada kung magagalit o matutuwa. Natutuwa rin kasi siya na nasira na naman niya ang araw ng isang ito.

Hindi siya sumagot.

Marami pang sinabi sa kanya ang prinsipal. Haliparot daw siya. Kahit ayaw na sa kanya ng lalaki ay sinisiksik pa rin ang sarili. “Ikakasal na sina Kim at Ruel pero hindi ka pa rin maka-move on. Ano pa’ng magagawa mo kung ayaw sa ’yo ng lalaki?”

Hindi niya ugali na sumagot dito, pero nangati talaga ang dila niya. “Ma’am, matanong ko lang po kayo, may pangalan po ba ang anak n’yo diyan?”

Hindi nakasagot ang guro.

“Isa pa, hindi lang naman ang anak n’yo ang lalaki sa mundo. Bakit kayo galit na galit? Okay lang naman po na pagalitan n’yo ako sa paggawa ko ng love letter sa klase, pero iyong damayin n’yo po ang away natin dati, hindi po iyon tama. Namemersonal po kayo.”

“Kilala na kasi kita!”

Napailing si Ada. Wala na siyang nagawa kundi ang makinig dito kung bakit walang papatol sa kanya. Lumaki raw kasi siya kasama sina Consorcia at mga pokpok nitong anak. Kahit minsan, hindi niya nasabi sa madrasta niya ang sinasabi ng guro tungkol dito.

Naisip niyang isumbong ito mamaya para ang dalawa ang mag-away. Siguradong bonggang sigawan ang mangyayari.

Kinse minuto pa siyang sinermunan ng punong-guro bago siya hinayaang lumabas ng silid. Nakita niya si Miss Kim na abala sa ginagawang lesson plan pero alam niyang nakatuon ang atensyon nito sa kanya. Lumabas na lang siya ng gusali at nag-ayos ng sarili para makauwi na.

Pagdating sa bahay ay siningil siya ni Constancia ng love letter nito kaya umakyat siya sa kanyang maliit na kuwarto at doon inulit ang sulat. Pag-abot niya ay inutusan pa siya ng kapatid para mag-abot niyon sa archeologist.

“Ano ka? Sa 'yo 'yan, eh, bakit ako pa ang mag-aabot?”

“Nahihiya kasi ako.”

“Ikaw doon!” singhal niya bago dumerecho sa dapog kung saan niya nilalagay ang garapon ng feeds para sa kanyang mga itik.

Nakita niyang papasok sina Consor at Odelia. Siguradong naglandi na naman ang mga ito sa kuweba.

“Nay,” tawag niya kay Consor.

“Hmm?” tanong nito habang kumukuha ng walis tingting para walisin ang mga nahulog na mga dahon.

“Pinagalitan po ako kanina ni Mrs. Solas.”

“Baka ano na naman kasi ang ginawa mo? Ikaw kasi, sinisiksik mo ang sarili mo sa Ruel na ’yan. Marami namang nagkakagusto sa ’yo,” sabi ng madrasta.

“S’abi nga niya, hindi raw kami bagay ni Ruel dahil ikaw ang nagpalaki sa akin.”

Natahimik si Consorcia at hinarap siya. “At bakit? Ano ang kaso kung ako ang nanay mo?”

Kibit-balikat ang sagot ni Ada.

Galit na galit ang madrasta. Nang sumagot ay sobrang taas na ng boses nito. “Akala ng guro na ’yan kung sino siya. Magtutuos kami! Sasabay ako sa ’yo



*Adalina's Fairy Tale - Sefah Mil*

---

bukas pagpasok mo! Magtutuos kami!”

Napatalikod siya para maitago ang ngiti. Siguradong boksing ito ng mga halimaw. Excited siyang makitang magpatayan ang dalawa. Pero siyempre kahit anupaman, sa ina-inahan siya kakampi dahil kapamilya niya ito.

# 3

Binasa ni Damian ang sulat at napangiti. Unang tingin pa lang, alam na niyang dyslexic ang nagsulat dahil may dyslexia rin ang nakakabata niyang kapatid.

*Damian,*

*The moment I saw you, my hart a fluttered. Before, everytihng is dim and lonely, yet now, everytihng becomes light and sunny. I wanna dream of you tonight... censored dreams, yuo should know. (wink)*

*Pinches,*

*Constancia*

Tinanong niya si Digoy. “Marunong bang magsulat si Constancia?”

“Hindi! Classmate ko ’yun dati,” sagot ng trabahador. “Bobo ’yun.”

“Si Odelia?”

“Siguro. Si Ada ang marunong sa kanila dahil 'yun lang naman ang nag-aaral.”

“Ahh.” Nai-imagine ni Damian na si Ada ang sumulat ng love letter.

Hinati niya ang papel at sa walang sulat na bahagi ay sumulat doon ng *'I think you're cute.'*

Si Digoy sana ang uutusan niya pero ang alam niyang may gusto ito sa pagbibigyan niya kaya inutusan niya si Boy na ibigay kay Ada ang maliit na papel. Tumakbo ang trabahador. Pagbalik nito para kunin ang mga gamit at makauwi na ay tinanong niya kung ano ang reaksyon ng pinagbigyan ng sulat.

“Niloloko ko raw siya nang sinabi kong galing sa 'yo.”

Napangiti naman si Damian. Nai-imagine niya lang ang gulat sa mukha ng tahimik na dalaga.

---

Nagpapakain ng itik si Ada nang dumating si Boy para iabot ang papel. Galing daw iyon sa archeologist. Ang sulat kasi sa papel ay *'I think you're cute!'*

“Niloloko mo ako 'noh!” sabi niya kay Boy.

“Hindi! Kay Sir Damian galing ’yan!” Tumakbo na ito paalis.

Mabuti na lang at wala ni isa na nakarinig kundi siguradong pagdidiskitahan siya nito.

Binuksan niya uli ang papel at binasa ang nakasulat doon. Ano kaya ang ibig sabihin kapag sinabihan ka ng lalaki na ‘I think you’re cute?’

Huwag na niyang bigyan ng malisya dahil hindi naman ibig sabihin na naku-cute-an ito sa kanya ay gusto na siya. Katulad lang ng pagbisita ng lalaki sa bahay nila. Hindi ibig sabihin na dahil binisita sila, eh, gusto na nito ang isa sa kanila.

Inilagay ni Ada ang papel sa bulsa at tumalikod para makapagpakain ng mga alagang baboy. Habang tinatapon ang sirang kalabasa na hiningi niya kanina sa palengke ay napapangiti siya. Ewan, pero kinikilig siya. Pero sinaway niya rin ang sarili mayamaya. Hindi na niya bibigyan ng malisya ang sulat ng lalaki.

Narinig niyang may nagbabagsakang kung ano sa itaas. Hindi matapos ang pagbubunganga ng kanyang madrasta sa pagkabuwisit kay Mrs. Solas at siguradong nagpapalabas ito ng init ng ulo. Kahit nga nang naghapunan sila ay nagrereklamo ito na ang mga professional na tulad ni Mrs. Solas ay dapat

marunong mag-ingat sa mga salita. Kung gusto raw ng guro ng garapalan, ibibigay nito ang hinahanap ng babae.

Kinaumagahan, sumabay sa kanya si Consorcia papunta ng eskwelahan. At sa hindi inaasahan ay nakasabay nila ang archeologist. Nagtagpo ang kanilang tingin at napabawi siya ng tingin.

“Damian, hijo, saan ka papunta?”

“May bibilhin po sana ako sa hardware,” sabi ng lalaki. Matangkad ito dahil kahit matangkad siya kumpara sa karamihan ay lumampas lang siya nang kaunti sa balikat nito. At kahit may bigote ay sobrang linis pa ring tingnan. Yuppie na macho ang dating.

“S’abay ka na sa amin,” sabi ni Consor bago inumpisahang baybayin ang ilog. Mababa ang tubig nang oras na iyon dahil tumigil na ang ulan.

Habang bitbit ang tsinelas ay binaybay niya rin ang tubig at hindi niya inakalang aalalayan siya ng lalaki sa siko. Hindi niya alam kung ano ang magiging reaksyon dahil ni minsan ay walang umalalay sa kanya kapag tumatawid doon. Kahit noong anim na taon siya at unang araw ng pasukan sa kinder ay si Ada lang ang tumulong sa sarili niya.

Mabuti na lang at derecho ang tingin ni Consor

sa kabilang pampang. Ewan niya kung ano ang magiging reaksyon nito sa pag-alalay sa kanya ng archeologist. Sakto naman na pagdating nila sa pampang at pagliko ng ulo ni Consor ay nabitiwan na ni Damian ang kanyang siko. Nakisabay ito sa kanila papunta sa bayan at nakinig sa mga satsat ni Consorcia laban sa punong-guro.

“Sinabihan ba naman si Ada na hindi karapat-dapat sa anak niyang engineer. Kung hindi ba naman bruha!”

Nagbigay ng nagtatanong na tingin sa kanilang dalawa si Damian. Nakaramdam si Ada ng hiya dahil pakiramdam niya, hindi na dapat ikinukuwento ng ina-inahan ang problema nila ukol sa ibang tao. Nahihiya siya sa lalaki.

“I think it’s unprofessional for a principal to speak to you like that, Ada,” sabi ng archeologist pagkatapos marinig ang walang tigil na satsat ng kanyang ina-inahan. “Discrimination ’yun.”

Hindi niya alam kung ano ang isasagot. Napatingin lang siya sa seryosong mukha nito. Mukha ngang nainis ang binata sa narinig. Nang naghiwalay sila para makaderecho ito sa palengke at sila sa paaralan ay may iniwan pa na mga salita ang lalaki.

“Don’t give people the authority to bully you, Ada. Learn to say *no, don’t, stop, can’t* and *enough.*” Yumuko ito bago nagpatuloy sa paglalakad.

Sinundan niya ng tingin ang likod ng lalaki. Napapatingin dito ang mga nakakasalubong dahil sa tangkad at sa lakas ng personalidad nito.

“Ano raw ang s’abi ni Damian?” tanong ng kanyang stepmother. “English kasi, hindi ko maintindihan.”

“Wala,” sagot niya bago ito giniya papasok ng eskwelahan.

Dumerecho sila sa opisina ng principal at hindi nagtagal ay nagsisigawan na sa harap niya ang punongguro at si Mrs. Solas.

Sakto ang hula ni Ada, imbes na siya ang pag-awayan ay tungkol sa mga sarili ang sigawan ng dalawa. Ang mga bagay na gusto niya sanang sabihin sa mga ito kapag inaalila siya ay silang dalawa na ang nanumbat sa isa’t isa.

“Para kang kung sinong perpekto! Hindi mo ba alam na kinakaliwa ka ng asawa mo? Losyang ka na kasi!” sabi ni Consor sa principal.

“Makukulong ka sa mga pinagsasasabi mo! Idedemanda kita dahil gumagawa ka ng kuwento!

Wala kang kuwentang ina, walang maniniwala sa 'yo!"

"Sige, idemanda mo para malaman ng buong bayan ang totoo! Amiga ko ang kabit ng asawa mo!"

Hindi na siguro matayuan ng punongguro ang bunganga ni Consorcia kaya nagpatawag na ng guwardya at kapwa sila pinalabas ng paaralan.

"Teka, ano ba ang kasalanan ko?" tanong ni Ada. "Tahimik naman ako doon, ah!"

"S'abi kasi ni Ma'am Solas," katwiran ng guwardya.

"Sabihin mo sa kanya, irereklamo ko siya sa kapitolyo kapag na-kick out ako nang walang rason. Ipaparadyo ko siya."

Wala namang sagot ang guwardya.

Nakaramdam naman siya ng takot. Paano kung ma-kick out nga siya dahil sa nangyari ngayon?

Hindi naman siguro. Wala siyang sinalita kanina.

Sumama na lang si Ada sa ina-inahan na pumunta rin ng palengke para mamili ng mga kakailanganin nila sa bahay.

---



Nasira ang kanilang dalang generator kaya imbes na magbasa ng libro ay nagsigarilyo na lang si Damian sa dilim habang nakasakay sa duyan.

Mayamaya ay tumunog ang telepono dahil tumawag si Silvia para magtanong kung may nakita na silang mga kalansay. Ikinuwento niyang wala pa. Nagsalaysay naman ang babae tungkol sa tinatapos nitong thesis. Mga isang oras din silang nagkuwentuhan bago nila binaba ang kani-kanilang telepono.

“Hi!” bati mula sa kanyang likuran.

Napalingon siya at nakita si Odelia na nakasuot ng seksi na duster. “Hi!” bati rin ni Damian.

Lumapit ang babae at marahang tinulak ang duyan na sinasakyan niya.

“Hey, kumusta si Ada?” tanong niya. Nakycurious kasi siya sa dalaga.

“Nandoon, nasa bahay. Pinagalitan nga dahil sinisiksik niya ang sarili sa anak ng principal.”

Hindi siya sumagot. Nakinig lang siya sa mga kuwento ni Odelia tungkol sa stepsister nito.

“Palagi siyang nagmamagaling. Tahimik lang ’yon pero sa isip ay tinatawag nang bobo ang kaharap.

Kung umasta parang alam ang lahat, at dahil hindi kami nag-high school ay parang mga t\*e kami para sa kanya.”

Sa hindi niya inasahan, umupo sa duyan niya si Odelia. Naging alisto si Damian. Lalaki siya at mayroong pangangailangan, pero ang pinakaayaw niya sa lahat ay ang theatrics. At siguradong malaking drama ang makukuha niya sa isang ito. Baka nga mapikot pa siya.

Sana huwag na itong gumawa ng mas malala pa dahil laking-Europe siya at hindi siya magdadalawang-isip na maging prangka kung kailangan.

Inilapat ni Odelia ang kamay sa kanyang tiyan at pinadulas iyon pababa.

Kinuha niya ang palad ng babae at inilayo. “Pumunta ako dito sa inyo para sa trabaho at hindi sa ibang rason.” Tumayo na siya para makapasok sa kubo at maikandado iyon.

---

Nasa labas si Ada ng kuwarto ng mag-ina at tahimik na nakikinig sa kuwentuhan nina Odelia at Consor. Nalaman niyang hinindian pala ni Damian ang kanyang stepsister. Binanggit din nito ang mismong sinabi ng lalaki tungkol sa dahilan ng pagtungo sa

lugar nila.

Nahihiya siya para sa kapatid. Nagpapakita pa talaga ng kati sa lalaki! Mayamaya niyan, sila na naman ang usap-usapan sa buong bayan dahil sa pinaggagagawa ng mga kapamilya.

Kinaumagahan, isang signal number three na bagyo ang dumating sa bayan kaya walang pasok ang lahat ng klase.

Naalala niya si Ming-ming, isa sa mga batang kasama niyang tumatawid sa ilog. Naikuwento nito nang nakaraang araw na baka sa Sabado pa makabalik ang ama nito kaya wala itong kasama sa bahay. Nag-aalala naman si Ada para sa bata ngayong malakas ang ulan.

Nagsuot siya ng kapote at binaybay ang daan papunta sa kubo nito. Ang lakas ng hangin at nagliliparan ang lahat. Imbes na matakot ay mas nagpursige ang dalaga dahil nag-iisa ang kubo nina Ming-ming sa gulod. Kung may mangyaring masama sa bata, walang kapitbahay na tutulong dito.

Pagdating niya sa kubo ay naabutan niya ang paslit na nakaupo sa mesa, takot na takot. Pinasuot niya ito ng kapote at lumabas sila para madala niya ito sa kanila at doon na magpalipas ng gabi. Pero lalo

pang dumilim ang langit at lumakas ang ulan. Halos wala na silang makita.

Namataan ni Ada ang kubo malapit sa kuweba. Nagdalawang-isip siya kung titigil doon o hindi. Baka kasi isipin ni Damian na pumunta sila sa kubo nito para mang-akit. Pero kung siya lang naman kasi, walang problema kahit gumapang pa siya papauwi. Kaya niya iyon. Paano kasi si Ming-ming?

Giniya niya ang bata palapit sa isang kubo at kumatok siya doon.

Bumukas ang pintuan.

“Oh, my God! Why are you outside?” bulalas ng archeologist nang makita sila.

Pinapasok sila nito sa loob ng dampa. Nanginginig na sila ni Ming-ming.

“Bakit sa labas kayo?” nagtatakang tanong ng lalaki. Makapal na jacket ang suot nito.

“Wala kasing kasama si Ming-ming, eh ang lakas ng bagyo. Pinuntahan ko siya sa kanila at iuuwi ko sana sa bahay, pero... tingnan n’yo naman ang ulan.”

Napailing ang lalaki. “Delikadong dumiretso pa kayo doon ngayon. You two stay here.”

Naghalungkat ito sa travel bag at kumuha ng dalawang T-shirt. Isang pajama na lang daw ang tira dahil nasa labahan na ang iba. Isinuot nila ni Mingming ang binigay na damit. Sa bata na lamang niya binigay ang pajama dahil nilalamig ito. Ibinigay sa kanila ng lalaki ang kumot at iyon ang itinalukbong nila ng bata saka nagyakapan.

Umupo naman sa gilid niya ang archeologist. “Sobrang lakas pala dito ng ulan.”

“Oo,” sagot ni Ada. “Noon, hindi naman ganito kalakas ang mga bagyo dito, ngayon, ang lalakas na. Noong isang taon, may isang bahay dito na nabagsakan ng mga bato nang mag-landslide sa isang gulod. Patay talaga lahat.”

“Nakakalungkot,” sagot ni Damian.

Tinanong siya nito tungkol sa buhay niya. Sinagot naman ni Ada na bata pa siya nang naulila sa mga magulang at si Consorcia na ang nagpalaki sa kanya.

Mukhang nagdalawang-isip pa ang lalaki noong una, pero siguro naku-curious din kaya nagtanong na rin, “Your stepmother... has she been kind to you?”

Hindi naman niya alam kung ano ang isasagot. “Ahh... minsan. Ganyan lang naman talaga ang ugali ni Inay Consor. Lahat ng mga anak niya ay inaapi ng

bunganga niya kaya hindi ko masabi na inalila ako dahil lang hindi niya ako tunay na anak. Inaalagaan naman kung may sakit, tinutulungan kung may problema, iyon nga lang, maraming kasamang satsat. Personality niya na kasi iyon.”

Napangiti si Damian. “Natanggap mo ba ’yung pinabigay ko kay Boy?”

Siya naman ang napangiti. “Oo. Bolero.”

“Bakit bolero? Maganda ka, Ada. ’Yan ang paniniwalaan mo.”

Nagbigay siya ng nahihiyang ngiti. “Mahiyain kasi ako.”

“Are you cold?” tanong ni Damian.

Tumango siya.

At sa hindi inaasahan, inakbayan siya ng lalaki. Nahiya siyang magbigay ng reaksiyon. Naramdaman niya ang init na binubuga ng balat nito kaya mas naging komportable ang giniginaw niyang katawan.

Hindi na sila muling nag-usap. Tahimik lang silang tumingin sa saradong pinto. Si Ming-ming ay tulog na sa gilid niya. Napansin na lang niya na bumibigat ang kanyang mga talukap at napapasandig na ang kanyang ulo sa balikat ng lalaki.

Tiningnan ni Damian ang babaeng natutulog sa kanyang balikat. Para itong basang sisiw na nilalamig. Hinawi nga niya ang naligaw na buhok sa mukha nito. Siguro napagod ang dalawa sa pagsuong sa ulan kaya inantok.

Naramdaman niya na rin ang pagbigat ng mga talukap kaya napapikit din siya ng mga mata.

Matagal din silang nakatulog. Nagising na lang si Damian nang makaramdam ng gutom. Tulog pa si Ada at nakasandig sa kanyang dibdib kaya binuhat niya ito at pinatulog sa tabi ng bata.

Lumabas siya sa likuran ng kubo kung saan nakakabit ang silong ng kusina. Magluluto muna siya. Madilim pa rin ang paligid at sobrang lakas ng hangin kahit na medyo humina ang ulan. Pero siguradong mayamaya ay lalakas na naman iyon.

Nagsaing si Damian at nagluto ng mga delata para may makain silang tatlo. Nang maluto ay ginising niya ang dalawa para kumain na.

Inayos niya ang mga mesa ng pagkain. Mabuti at nasarapan ang dalawa sa hinanda. Ngayon lang daw nakatikim ang mga ito ng imported corned beef. Mas masarap daw kaysa sa mga nabili sa sari-sari store.

“Mas suwerte nga kayo dito dahil organic ang kinakain n’yo. Sa siyudad, maraming preservatives kaya marami ang nagkaka-cancer.”

Masarap kumain ang dalawa at nang matapos ay pinagtulungang hugasan ang mga pinagkainan, pati ang mga nilutuan niya. Pagkatapos ay nagpaalam si Ada. “Siguro puwede na kaming umalis.”

Napailing si Damian. “Ang dilim, oh. Dito na lang kayo manatili. Kakausapin ko bukas si Consor para magpaliwanag kung bakit hindi kayo dumerecho doon.”

Hindi na rin namilit sina Ada na umalis ng kubo. Dumilim na kasi lalo dahil papagabi na. Ang dalaga na rin ang nagprisinta na magluluto ng hapunan nila para hindi raw nakakahiya ang pananatili nito at ni Ming-ming sa kubo.

Hinayaan naman ito ni Damian na manggulo sa maliit na kusina sa likod.

Kahapon ay may inabot na isang bigkis ng talong si Kapitan Rigo. Iyon ang sinugba ni Ada at hinaluan ng kamatis, sibuyas, at suka, at nagkaroon na sila ng masarap na ulam sa mainit na kanin.

Sabay-sabay silang kumain habang kinukuwento niya sa dalawa ang mga biyahe niya sa buong mundo.



“Gusto kong pumunta sa India at makita ang *Taj Mahal*,” sabi ni Ada. “Gusto ko kasi ang mga exotic na lugar. Baka kasi ma-out-of-place ako sa mga sobrang modern.”

“Mararating mo rin ’yan, Ada. Maniwala ka!”  
aniya.

Ngiti ang sagot nito.

Pagkatapos nilang kumain ay naglaro sila ng dalaga ng baraha habang si Ming-ming ay walang sawang nagtirintas ng mahabang buhok ni Ada. Dati kasi ay palagi lang nakatali ang hanggang bewang na buhok nito. Napakaganda pala niyong tingnan kapag nakaladlad at inaayusan. Kung buhay lang siguro si Fernando Amorsolo at maghahanap ng bagong modelo para sa isa pang painting nito ng mga dalagang-bukid, siguradong si Ada ang pinakaperpektong modelo nito. Hindi nga siya makatutok sa baraha sa kakatitig sa babae. Gumaganda ito habang tumatagal.

At muling bumagsak ang malakas na ulan, kumulog at kumidlat. Siguradong bukas pa titigil ang bagyo.

Mga alas nueve sila nagpasyang matulog. Napapahikab na kasi ang dalaga. Dahil isa lang ang kumot niya ay binigay na niya iyon sa dalawa.

Humiga siya sa tabi ng mga ito saka niyakap ang sarili para di lamigin.

Itinaas ni Ada ang kumot. “Huwag na nating lagyan ng malisya. Mamamatay ka sa ginaw diyan. Kasya naman tayong tatlo dito.”

Nagpailalim siya sa kumot. Maginaw naman talaga dahil kawayan lang ang dingding at sahig. Libreng-libre ang pasok ng hangin sa kubo.

Isang ngiti ang binigay ni Ada bago pumikit ang mga mata nito. Sa lilim ng lampara, tiningnan niya ang nakaharap na mukha kung paano ito sinakop ng antok. Amoy na amoy ni Damian ang mabangong samyo ng balat nito.

Nang unti-unti siyang kinain ng antok ay niyakap niya ang dalaga para pareho nilang malabanan ang matinding lamig.

---

Kinaumagahan, sabay sina Ada at Damian na nagising. Alas cinco at sobrang lamig ng umaga. Kapwa nilang pinagdesisyunan na matulog uli.

Muli silang nagising nang mga alas siyete na. Madilim pa rin ang langit pero tumila na ang ulan. Nag-ayos sila ni Ming-ming para makauwi na sa

bahay nila. Pero bago sila umalis ay nagluto muna si Ada ng agahan para sa kanilang tatlo. Sasamahan daw sila ni Damian para ito na ang kumausap sa madrasta niya.

Nakakalat sa daan ang mga tumbang puno at nagliparang mga sanga sa daan. May nakita pa nga silang patay na pusa na naipit ng sanga ng akasya. Tumigil muna sila para mailibing nang maayos ang hayop.

Pagdating nila sa kanilang dampa ay naabutan nila sina Consor at Odelia na nagwawalis ng mga dahon at sanga. Pagkakita na kasama ni Ada si Damian ay nanlaki ang mata ng mga ito sa kabiglaan.

“Saan ka galing?” singhal na agad ng kanyang madrasta. Hindi na nakahintay na makaalis muna ang archeologist bago maninghal.

Ang binata ang sumagot. “Madame, sa akin na po sila nakisilong kagabi. Sobrang lakas kasi ang bagyo, baka napaano sila kung sinuong nila iyon.”

“Bakit kasi sa gitna ng bagyo ay lumabas pa ang babaeng ’yan? At ang lapit-lapit, bakit hindi na lang dumerecho dito sa bahay. Gawain ba ’yan ng matinong babae?”

Kapwa sila napayuko ni Damian sa inasal ng

nakatatandang babae. Hinayaan na lang nila itong magsalita dahil kung sasagot pa sila ay baka kung saan pa mapunta. Marami na nga itong nasalita, pati ang pag-aaral ni Ada sinita.

“Halos wala nga tayong makain, nag-aaral ka pa! Kung itulong mo na lang ang oras na ’yan sa bukid, mapagkakakitaan pa sana natin!”

Noon nagsalita muli ang lalaki. “Hayaan n’yo, madame. Kung mabigat po sa inyo ang pagpapaaral kay Ada, ako po ang sasagot sa mga gagastusin niya.”

Hindi niya alam kung paano magre-react sa sinabi ng lalaki. Siya ang nagpapaaral sa sarili niya sa pamamagitan ng pagbebenta niya ng lambanog at itlog ng itik sa palengke, hindi ang kanyang madrasta.

Hindi nakasagot ang ina-inahan. Hindi rin siguro matukoy kung magiging pabor dito ang sinabi ng lalaki o hindi. Tumingin ito sa kanya. “Ikaw, pumasok ka na doon! At bakit nagdadala ka pa ng bata dito? Ano’ng kakainin niyan?”

Tumango siya sa archeologist bago giniya si Ming-ming paakyat ng hagdan. Pagdating sa taas ay nagbigay ng nagtatanong na tingin si Constancia, hindi alam kung kikiligin o maiinggit.

“Magkasama kayo kagabi?” tanong nito.

“At ano’ng masama doon? Huwag kang malisyosa!” tugon niya sabay hila kay Ming-ming papasok sa kuwarto niya. Nag-umpisa siyang magpinta. May tira pa naman siyang canvass. Inumpisahan niyang pintahin ang nagdaang bagyo nang nakaraang gabi sa itsura ng mga balahibo ng pusa. Papaubos na nga ang mga pintura niya. Susulat na naman siya sa kaibigan niyang si Tessy, iyong dati niyang kaklase noong elementary na nagtatrabahong katulong sa Maynila. Nagpapabili siya rito ng mga oil paint at canvass. Pinapadala niya ang pera sa *Cebuana* ’tapos, pinapa-LBC lang ng kaibigan sa address nina Mang Dirong.

Kailangan niyang mag-ipon para mabilhan uli siya nito. Hilig kasi ni Ada ang magpinta simula nang may nakita siyang libro ng pagpipinta sa library noong elementary siya.

Kapag nagpipinta siya, nagliliparan ang mga alalahanin niya sa buhay. Sinabi nga ni Mr. Sanchez na kapag naka-graduate siya, pumunta siya ng Maynila at maghanap siya ng trabaho sa pagpipinta. Dalhin niya raw ang ilan sa kanyang mga gawa at maghanap ng sponsor na magpaaaral sa kanya ng Fine Arts.

Nagpipinta si Ada nang biglang may nanghablot

ng kanyang buhok. Si Odelia iyon, galit na galit.

“Mang-aagaw ka talaga kahit noon pa!” singhal nito sabay duro sa ulo ni Ada.

“Tigilan mo ’yan kung ayaw mong tagain kita,” babala niya.

“Ah, talaga?” Hinablot nito uli ang kanyang buhok.

Tumayo siya at lumabas ng silid para lumapit sa pintuan. Kinuha niya ang itak doon at itinapat sa mukha ni Odelia. “Ano?! Ulitin mong hablutin ang buhok ko, hihiwain ko ’yang leeg mo!”

Hindi nakagalaw si Odelia; mukhang natakot din sa itak, pero hindi pa rin matigil ang nakakamatay na tingin nito sa kanya. Mayamaya ay tumalikod ito. Siguradong hihingi ito ng tulong sa ina. Hindi nagtagal ay umakyat si Consorcia.

“Sige! Tagain mo ako!” matapang na sabi ng madrasta.

Hindi naman siya nagtaas ng itak.

“Tagain mo!” hamon nito sabay buhat ng kanyang kamay.

Hindi sumunod si Ada.

“Ikaw! Alam mo namang gusto ni Odelia ang archeologist na iyon, pumapel ka naman! Hindi ba 'yon panunulot?”

Hindi siya sumagot. Kung sasagutin niya kasi, siguradong mas hahaba pa ang kuwento. Nakinig na lang siya sa mga pinagsasabi nito na ahas siya, hanggang sa napagod ito sa kadadakdak. Bumalik siya sa silid kung saan naroon si Ming-ming. Nakatulog na ito at hindi naman nagising sa ingay nila.

Nagpatuloy siya sa pagpipinta. Mabuti na lang at pagdating ng tanghalian ay dumating din ang ama ni Ming-ming para sunduin ito. Nagpasalamat sa kanya ang magsasaka.

Nagpakain naman siya ng kanyang mga itik at baboy. Plano niyang ibenta ang isa sa anim na baboy para may pambili siya ng oil paint.

Bumaba ng hagdan si Odelia na nakadamit ng maganda at naka-makeup.

“Makapaglandi nga!” parinig nito sa kanya.

Tiningnan na lang niya ang likod ng babae na papaalis. Siguradong doon na naman ito sa kuweba maglalandi. Kahit kailan, hindi talaga ito magpapatalo.